

Pagtatrabaho sa Iniinom na Tubig sa Lahaina: Pagtutugon sa Sira o Nakontaminang Mga Lateral Water Pipe

Abril 2024



Ang daming ibinibigay ng Maui sa mundo. Bilang mga bisita, ipinagmamalaki naming ibalik sa kanila ang suporta.

Noong **Abril 27, 2024**, nagsimula na ang pagtatrabaho ng EPA na ihiwalay ang mga lateral drinking water line na napinsala noong naganap ang mga wildfire at/o nakakuha ng sample at natuklasan na nakontamina ito. Ang trabahong ito ay makakatulong na mahiwalay ang kontaminasyon mula sa drinking water system at matitiyak na ang iniinom na tubig ay ligtas para sa komunidad.

Una sa lahat, aming lilinisin at huhukayin ang area sa palibot ng lateral line na kailangang ibukod. Pagkatapos, ang tubo sa punto kung saan nakakabit sa water line ay puputulin at pagkatapos ay tatakpan, upang matiyak na anumang posibleng kontaminasyon ay hindi makakapasok ang kontaminasyon sa main distribution line. Maaaring maingay ang pagtatrabahong ito. Ang EPA ay mahigpit na nakipagtutulongan sa County of Maui, mga lokal na cultural monitor, at mga archeologist na may sertipiko sa ilalim ng State of Hawai'i para, habang tinatapos namin ang aming trabaho para matiyak ang kaligtasan ng iniinom na tubig, aming pinoprotektahan rin at angkop na inaalagaan ang anumang mga bagay na mahalaga ayon sa kasaysayan at kultura.



Unang Larawan: Mula Kaliwa papuntang Kanan: Ang mga crew ay nagbabakas ng aspalto gamit ang backhoe; Iniinspeksyon ng isang archeologist ang hukay; Pinuputol ng isang miyembro ng crew ang lateral line gamit ang isang lagare.

Ano ang lateral lines (katabing linya)?

Ang lateral lines ay perpendikular sa main service line at nagdadala ng tubig mula sa main line papunta sa meter. Ang mga parte na dumadaan mula sa metro patungo sa isang bahay, gusali mga negosyo ay hindi parte ng pagtatrabahong ito at pananagutan ng mga may-ari ng property.

Bakit nababahala ang EPA sa mga lateral line sa Lahaina?

Ang Volatile organic compounds (VOCs) at semi-volatile organic compounds (SVOCs) ay mga kemikal na nakakasama para sa iyong kalusugan. Ang mga ito ay kemikal rin na maaaring mapasingaw kapag may nasunog na mga materyal ng gusali at mga karaniwang gamit sa bahay. Kapag mababa ang presyon sa water system kapag may mga wildfire, ang mga kemikal mula sa usok ay maaaring pumasok sa loob ng

mga tubo ng tubig. Ang mga kemikal na ito ay hindi madaling napapalabas at ang katotohanan dito, maaaring itong kumalat mula sa isang parte ng water system papunta sa iba pang mga area. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na ibukod ang nakontamina at posibleng nakontaminang mga tubo mula sa water system makalipas na ang mga sunog tulad ng sa Lahaina kung saan iyong mga bahay na nasunog ay nasa itaas ng mga tubo ng tubig na nakaranas ng mababang presyon.

Pagkuha ng sample at pagbukod ng lateral line

Mula sa kalagitnaan ng Marso, ang EPA ay kumukuha ng mga sample ng mga main service line at mga lateral line sa loob ng naapektuhang area para sa VOCs at SVOCs. Sinusuri ng EPA ang mga sample para sa mga contaminant na ito at ibinabahagi ang data sa DWS para matulungan sila sa mga pagpapasya tungkol sa mga abiso sa tubig at matiyak kung ang mga lateral line ay kailangang ibukod mula sa drinking water system. Ang trabahong ito ay makakatulong na mabalik ang ligtas na iniinom na tubig sa Lahaina. Bago gamitin ang inyong iniinom na tubig at makita ang mga resulta ng sampling ng indibiduwal na ari-arian, tingnan ang Unsafe Water Advisory page ng DWS sa mauirecovers.org/water para makita kung ang tubig sa iyong area ay ligtas na inumin. Ang mga pang-araw araw na update sa water sampling ng EPA at ang napinsala/nakontaminang lateral line work ay available sa [EPA Wildfires Story Map](#).



Ikalawang larawan: Litrato ng pagkuha ng EPA ng sample ng iniinom na tubig sa nasunugang area ng Lahaina.

Mangyaring mag-ingat kapag bumibiyahe sa mga area na naapektuhan ng mga wildfire. Ang EPA at ang mga kapartner na agency ay aktibong nagtatrabaho sa kabuuan ng Lahaina. Ang trabaho ay karaniwang kinabibilangan ng mabibigat na kagamitan at ingay. Ang kaligtasan ang pangunahing priyoridad ng lahat ng response staff at kailangan namin ang tulong ninyo para mapanatiling ligtas ang lahat sa naapektuhang area.

Mga Tanong

EPA Hotline: (808) 299-5184, R9Wildfiresinfo@epa.gov

Mga Karagdagang Impormasyon: www.epa.gov/maui-wildfires

County Department of Water Supply: (808) 270-7550, www.mauirecovers.org